

Isipin ang Ngipin Sa Bawat Hakbang



Bigyan ang sanggol mo ng malusog na ngipin mula sa simula. *Madali lang!*

- Marahang sipilyuhin ang ngipin ng sanggol dalawang beses bawat araw. Gumamit ng kakaunting fluoride toothpaste.
- Dalhin ang sanggol mo sa dentista sa pagsapit ng una niyang kaarawan. Ipagpatuloy ang mga regular na check-up ayon sa nirerekomenda.
- Ang pagkabulok ng ngipin ay dulot ng bakterya. Maaaring “mahawa” ang sanggol ng bakterya mula sa iyo.
 - Panatiliing malusog ang bibig mo.
 - Huwag maghirapan ng mga tasa o kutsara.
- Tubig, gatas, o formula lang ang ilagay sa mga bote o mga sippy cup.
- Huwag patulugin ang sanggol mo nang may bote o sippy cup.
- Limitahin ang mga matatamis na meryenda at maasukal na mga inumin, kabilang ang juice.

Sinasaklawan ng Medicaid at ng Children’s Health Insurance Program (CHIP) ang mga serbisyong dental ng mga bata, tulad ng mga paglilinis ng ngipin, mga pagpapatingin, mga x-ray, fluoride, dental sealant, at pagpapasta. Maaaring nararapat ang anak mo!

Para i-enroll ang anak mo, tumawag sa **1-877-KIDS-NOW (543-7699)** o bumisita sa **InsureKidsNow.gov**. Nasasaklawan na? Gamitin ang Dentist Locator sa **InsureKidsNow.gov** para makahanap ng dentistang malapit sa iyo at tumawag para mag-schedule ng appointment sa dentista ngayon.

